

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2024-0021
	Title	Lifting the Single Period of Confinement (SPC) Rule for All Case Rate (ACR) Claims

Tanong	Sagot
1. Ano ang Single Period of Confinement (SPC)?	Ito ay polisiya ng PhilHealth kung saan isang beses lang babayaran ang admission at readmission ng pasyente para sa parehong sakit o operasyon sa loob ng 90 araw.
2. Ano ang layunin ng PhilHealth Circular No. 2024-0021?	Para mas matulungan ang mga miyembro lalo na kapag nakaranas ng parehong sakit o operasyon na hindi pa natatapos ang 90 araw, ihihinto ang pagpapatupad SPC. Ngayon, siguradong mababayaran ang mga claim para sa parehong sakit o operasyon sa loob ng 90 araw mula sa unang pagkakaospital. Ito ay para hindi magkaroon ng financial loss ang mga PhilHealth-accredited facilities at dagdag-gastos ang mga pasyente.
3. Ano ang batayan ng polisiyang ito?	Ayon sa Republic Act 11223 o Universal Health Care Law, lahat ng Pilipino ay mabibigyang access sa dekalidad at abot kayang serbisyong pangkalusugan nang walang pangamba sa gastusin.
4. Ano ang sakop ng polisiya?	Sakop ng polisiyang ito ang benepisyong ng All Case Rates kung saan bawat sakit o procedure/operasyon ay may nakatakdang halaga ng benepisyong ibabayad kung na-confine sa pampubliko at pribadong ospital.
5. Ano ang hindi saklaw ng polisiyang ito?	Hindi saklaw ng polisiyang ito ang mga special benefits tulad ng Z Benefits dahil ang mga ito ay may hiwalay na panuntunan o requirement.
6. Kailan mawawalan ng bisa ang SPC?	Para sa lahat ng readmission mula Oct. 1, 2024.
7. Ano ang mangyayari sa mga claims na hindi nabawasan ng benepisyong dahil sa SPC?	Lahat ng pasyenteng nagkaroon ng admission simula July 4, 2024 hangang September 30, 2024 na nagkaroon ng pangalawang admission mula October 1 hangang 31, 2024, para sa parehas na sakit o procedure ay maaring mag-direct filing sa tulong ng ospital o pasilidad.



Republic of the Philippines
PHILIPPINE HEALTH INSURANCE CORPORATION
Citystate Centre, 709 Shaw Boulevard, Pasig City
(02) 8441-7442 www.philhealth.gov.ph
PhilHealthOfficial teamphilhealth

1st Admission	2nd Admission	Direct file
July 5, 2024 - Community Acquired Pneumonia III	October 1, 2024 - Community Acquired Pneumonia III	✓
August 8, 2024 - UTI	October 15, 2024 - UTI	✓
July 8, 2024 - Community Acquired Pneumonia III	September 30, 2024 -Community Acquired Pneumonia III	x